Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG ENERO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni (Nakabakasyon) |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 04-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPATAW NG PARUSANG TATLONG (3) BUWANG SUSPENSIYON KAY PUNONG BARANGAY CELSO M. HERNANDEZ NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO BlG. 05-2020.**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**ITINAGUYOD NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**

**SAPAGKAT,** batay sa Section 1, Article 11 ng Saligang Batas, "Ang pagtitiwala ng bayan ay angkin ng katungkulang pambayan. Ang mga pinuno at mga kawaning pambayan ay kinakailangang mamalaging nananagutan sa mga taong-bayan, maglingkod sa kanila na taglay ang pinakamataas na pakundangan, dangal, katapatan at kahusayan, manuparan na taglay ang pagkamakabayan at katarungan, at mabuhay nang buong kapakumbabaan";

**SAPAGKAT,** ang mga batas at regulasyon ay umiiral upang magbigay ng kaayusan sa lipunan at pangalagaan ang mga mamamayan, kung kaya't ang mga ito ay dapat sundin at tupdin higit lalo ng mga taong nasa katungkulang pambayan;

**SAPAGKAT,** noong 04 Agosto 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng sinumpaang reklamo laban kay Kapitan Celso M. Hernandez ng Barangay Tikay at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 10 Agosto, 2020. Noong 11 Agosto, 2020 ay pinadalhan at natanggap ni Kapitan Hernandez ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 25 Agosto, 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kapitan Hernandez;

SAPAGKAT, ayon sa reklamo ni Kagawad Alvin Salvador ng Barangay Tikay, isang maselang transaksyon diumano ang naganap sa kanilang Barangay patungkol sa naganap na Seminar ng mga Punong Barangay ng Lungsod ng Malolos sa Davao noong Agosto 2019. Naglabas diumano ang kanilang Barangay ng pambayad ng Registration Fee, Seminar Expenses at Per Diem sa nasabing seminar, ngunit hindi naman dumalo ang kanilang butihing Punong Barangay Celso M. Hernandez. Idinagdag pa niya ang pagtataka niya kung bakit Pebrero 2020 na nagpapirma sa kanya ng Disbursement Voucher si Kapitan Hernandez gayong Agosto 2019 pa naganap ang nasabing seminar;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

SAPAGKAT, ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kapitan Hernandez, ikinaila at itinanggi niya ang napakaseryoso at walang basehan na mga paratang laban sa kanya. Aniya, handa na siyang sumama sa delegasyon sa seminar sa Davao City noong 28 Agosto, 2019 subalit nang makarating siya sa tagpuan nilang magkakasama ay biglang sumama ang kaniyang pakiramdam at biglang tumaas ang presyon ng kaniyang dugo. Kung kaya't, sa payo na rin ng kanyang mga kapwa delegado, nagpasiya siyang huwag nang tumuloy sa seminar. Idinagdag pa ni Kapitan Hernandez na anumang halaga na hindi ginastos ay naibalik na niya sa barangay;

SAPAGKAT, sa magkahiwalay na pagpupulong noong 02 Setyembre, 2020 at 16 Setyembre, 2020 ay nahayag ang mga sumusunod:

c. May dalawang (2) tsekeng na-isyu at naibayad, na may halagang Php32,000.00 at Php26,800.00, para sa *seminar expenses* sa Davao City na walang kaukulang pirma ng Chairman ng Committee on Finance, batay na rin sa dalawang (2) Disbursement Vouchers at Punong Barangay's Certification (PBC) No. 2019-TIKAY-26 na may petsang 13 Agosto 2019. Ito ay malinaw na paglabag sa '*Manual on Financial Management of Barangays, Number 5.1.1 - Disbursements or disposition of government funds or property shall invariably bear the approval of the proper officials*'. Batay dito, ang pagpoproseso ng anumang *Disbursement Voucher* sa Barangay ay kinakailangang dumaan at mapirmahan ng 1.) Chairman ng Committee on Finance para sa pagsesertipika na may kaukulang pondo para sa gastusing nakapaloob; 2.) Barangay Treasurer para sa *Cash Availability;* at 3.) Barangay Chairman para sa pagsesertipika ng gastusing nakapaloob. Subalit sa kaso ng usaping ito, at batay na rin sa tugon ni Barangay Treasurer San Diego ay na-isyu ang tseke para sa mga bayarin sa nasabing seminar noong Agosto, 2019 nang hindi nakukumpleto ang mga kinakailangang pirma sa *Disbursement Voucher.*

d. Pinatunayan din ni Barangay Treasurer San Diego na wala pang *Liquidation Voucher* hanggang sa kasalukuyan ang nasabing *Cash Advance.* Batay na rin sa isinumite ni Kapitan Hernandez na Return Deposit sa Barangay na walang petsa, gayundin ang Deposit Slip sa Landbank of the Philippines para sa pagbabalik ng Per Diem na hindi nagamit na may petsang 18 Agosto 2020, ito ay nagpapatunay na ginawa lamang ang pagbabalik, matapos na matanggap ni Kapitan Hernandez ang reklamo laban sa kanya. Ito ay malinaw ring paglabag sa nakasaad sa '*Commission on Audit (COA) Memorandum Circular 2012-001 - Prescribing the Revised Guidelines and Documentary Requirements for Common Government Transactions*', sa bilang *1.2 Liquidation of Cash Advances* na "*X X X The accountable officer shall liquidate cash advances for Travelling Expenses within thirty (30) days after the return of the official/employee concerned to his official station for local travel x x x x*".

**SAPAGKAT**, sa sumunod na pagpupulong ng mga kasapi ng Lupon ay buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat na si Kapitan Celso M. Hernandez ay nagkasala ng *Misconduct in Office*. Sa pakahulugan, batay sa desisyon ng Korte Suprema sa Kasong G.R. No. 154521, September 30, 2005, "*Misconduct is a transgression of some established and definite rule of action, more particularly, unlawful behavior or gross negligence by the public officer. The misconduct must imply wrongful intention and not a mere error of judgment and must also have direct relation to and be connected with the performance of the public officer's official duties amounting either to maladministration or willful, intentional neglect, or failure to discharge the duties of office*".

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Article 130 (c) ng Implementing Rules and Regulations ng Local Government Code of 1991, ang parusa kaugnay sa mga kasong administratibong dininig ng Sangguniang Panlungsod ay hindi dapat hihigit ng anim (6) na buwan kada administratibong paglabag;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na si Kapitan Celso M. Hernandez ay napatunayang nagkasala ng "*Misconduct in Office*" base sa mga ebidensya at dokumentong iprinisinta sa mga pagdinig;

**IPINASIYA PA RIN**, NA PATAWAN NG PARUSANG TATLONG (3) BUWANG SUSPENSYON SI PUNONG BARANGAY CELSO M. HERNANDEZ NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO Blg. 05-2020.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*01112021